# PALAKASIN ANG MGA KAKAYAHAN NG GURO UPANG MAKAMTAN ANG MGA KASANAYAN NA DAPAT MATAMO NG MGA MAG-AARAL (STRENGTHENING THE SKILLS OF ARALING PANLIPUNAN TEACHERS IN ACHIEVING THE SKILLS OF THE STUDENTS)

GERALDINE U. CORTEZ




## STUDENT OUTPUTS

**Palakasin ang mga Kakayahan ng Guro Upang Makamtan ang mga Kasanayan na Dapat Matamo ng mga Mag-aaral (Strengthening the Skills of Araling Panlipunan Teachers in Achieving the Skills of the Students)**

**By:Geraldine U. Cortez L.P.T.**

**geraldine83171@yahoo.com**

**ABSTRAK**

Nakatuon ang pananaliksik sa pagsusuri ng batayang pagtataya (standardized assessment) National Achievement Test (NAT) at pagtatayang gawa ng guro(teacher-made test) upang matukoy ang mga kahinaang taglay ng mag-aaral na magsisilbing gabay sa guro na palakasin ito sa pamamagitan ng paraang Plan-Do-Check-Action.Nilalayon nito na matugunan ang hamon ng K-12 na kurikulum na magkaroon ng mamamayan na maasahan na makakatulong sa bansa at ng layuning pangkalahatan ng SDGs(2030) na magkaloob ng kalidad na edukasyon para sa lahat.Sa pagsusuri ng mga datos mula sa batayang pagtataya at pagtatayang gawa ng guro, natukoy ng mga guro sa Araling Panlipunan kung saan ang kalakasan ng mga mag-aaral at kahinaan kung kaya't ang mga guro ay nagtalakay ng paraan kung paano magkakaroon ng lubusang pagkatuto ang mga mag-aaral sa asignaturang ito.Napagkaisahan ng mga guro na ang mga mag-aaral na may kahinaan ay bigyan ng indibidwal na instruksyon at iba't-ibang instruksyon (differentiated instruction) ayon sa kakayanan ng mga mag-aaral upang mahawan ang balakid ng pang-unawa.Batay sa datos na pagkokompara mula sa taong pampaaralan 2017-2018 at 2018-2019, makikita ang pagtaas ng mga kasanayang natamo ng mga mag-aaral. Batay din sa mga estratehiyang ginawa ng mga guro at superbisyon sa kanila, napagtuunan ng lubos na pansin ng mga guro ang mga kasanayan na dapat na palakasin at kung paano ito makakamit.

Keywords: Batayang pagtataya,indibidwal na instruksyon,iba't ibang instruksyon,kasanayan ng mga mag-aaral at guro.

**PANIMULA**

"Ang pananaw ng Kagawaran ng Edukasyon ng ating bansa ay magkaroon ng mga mamamayan na marubdob na pagmamahal sa bayan at magkaroon ng sapat at karapat-dapat na pagpapahalaga at kasanayan upang maisakatuparan ang kanilang kabuuang kasanayan at makatulong sa makahulugang pagbuo ng ating bansa".Ito ay may kaugnayan sa "Sustainable Development Goals (SDGs) na naglalayon na mawala ang kahirapan,pangalagaan ang ating mundo at ang lahat ng tao ay magtamasa ng kapayapaan at kasaganahan. Ang NCSS,(2017) ay naniniwalang ang Araling Panlipunan ay huhubog sa mga kabataang magkaroon ng kakayahan na malaman at magkaroon ng matalinong pagdedesisyon na magdadala sa malalim at mabuting epekto sa sarili at sa ating bansa. Ang mga nabanggit na pananaw at hangarin ay maaring maisakatuparan sa pamamagitan ng lahat ng asignaturang itinuturo sa loob ng paaralan ngunit ang mga nasabing pananaw at hangarin ay mas nakakahigit na nakaangkla sa asignaturang Araling Panlipunan.

"Ang Kagawaran ng Edukasyon ay gumamit ng paraan upang masukat ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasakatuparan ng kanilang mga layunin. Nilunsad nito ang National Achievement Test (NAT) na naglalayon na sukatin ang mga natutunan ng mga mag-aaral sa limang pangunahing asignatura tulad ng Agham (Science), Matematika,Ingles,Filipino at Araling Panlipunan". Ordinario (2013) iniulat niya na sa nakalipas na panahon (2008-2012) ang kagawaran ng edukasyon ay nakapagtala ng pababang resulta ng pagsusulit lalo na ang para sa pangsekundaryang antas.Katulad ng nakararaming eskwelahan , ang resulta ng aming pagsusulit ay hindi rin gaanong kataasan subalit sa kasamaang palad ang asignaturang Araling Panlipunan ang may pinakamababang nakuhang resulta. Sa mabilisang pagsusuri,natukoy na ang asignaturang ito kasama ang Filipino ay walang batayang pagtataya na naibibigay kahit na sa kabila ng katotohanan na ang mga estudyante ay mayroong kahirapan sa pag-unawa at pagsasalita ng ating pambansang wika.Bukod sa wikang pangturo ang kawalan ng batayang pagtataya sa nasabing asignatura ay isa sa mga dahilan ng mababang iskor na nakukuha.Ang asignaturang Matematika,Agham (Science) at Ingles ay mayroong batayang pagtataya mula sa Center and Evaluation for Measurement (CEM) ,isang pribadong pagtataya na kung saan ay tumutulong din sa mga nagtuturo bilang interbensyon sa mga kasanayang kailangang matutunan ng mga estudyante sa paraan ng pagdalo ng seminar/workshop sa mga guro na naglalayon na tugunan ang

mga nakuhang resulta sa ibinigay na pagtataya.Ang Global Resources for Assessment Curriculum and Evaluation o (GRACE) ay tumugon sa aming pangangailangan sa asignaturang Araling Panlipunan na naging daan sa pagsasaliksik kung paano tutugunan ang mga dapat matutunan ng bawat mag-aaral na mapabuti ang anumang batayang pagtataya. Ang pagkuha ng datos upang masuri ang mga kaalaman at kasanayang nalaman ng mga mag-aaral ay lubhang mahalaga upang magkaroon ng masusing ebalwasyon ang administrasyon at superbisor ng lahat ng asignatura sa paaralan batay sa tinatahak na landasin ng bawat asignatura.

Ang pagpapalawak ng kaalaman ng isang nais matuto ay nakadepende sa kagalingang taglay ng isang nagtuturo kung kaya ang pagsasaliksik na ito ay nakapokos sa pagtanggap ng mga guro gamit ang mga nakuhang datos mula sa GRACE. Nararapat na may bukas na kalooban na matanggap ng mga guro ang hamon ng resulta ng pagtatayang ito upang mapabuti at mapaunlad pa ang kakayahan ng mga estudyante bilang pagtugon sa “pambansa at pandaigdigang adhikain na magtamasa ang mga mag-aaral ng kalidad na edukasyon”(SDGs 2030). Ang mga nagtuturo ay may sapat na kasanayan na kanila ring natutunan noong sila ay nag- aaral pa lamang ngunit ang kanilang pagsasanay ay di dapat magtapos sa kanilang pag-aaral noong sila ay nasa kolehiyo pa lamang.Kailangan ang patuloy na pagpapayaman ng kasanayan at kaalaman ng mga tagapagturo para sa mas makabuluhang pagkatuto ng mga estudyante.

**PAGTATAYA (ASSESSMENT)**

Ang pagtataya ay batayang pamaraan upang masukat ang mga kaalamang dapat matutunan ng mga estudyante.Ito ay ibinibigay ng pamahalaan upang makakuha ng impormasyon sa kalagayan ng ating edukasyon. Ang pampribadong organisasyon na nagbibigay ng pagtataya ay kadalasang kinukuha ng mga pribadong eskwelahan upang magkaroon ng kahandaan ang mga mag-aaral gayundin ang mga guro batay sa resulta nito.Maaari itong ibigay sa paraang pasalita at pasulat ngunit mas maaaring masukat at maibigay sa paraang pasulat sapagkat ang mga kinalabasang pagsusuri ay maaaring mabigyan ng interpretasyon.Ang pamantayang pagtataya (standardized assessment) ay ibinibigay sa mga estudyante upang masukat ang mga kakayahang naituro na magsisilbing daan para matukoy ang kalakasan at kahinaan ng ating edukasyon,nararapat na ito ay ibinibigay ng ating pamahalaan sa itinakdang antas .Ang pagkuha ng pagtataya ay dapat na mayroong kahandaan para sa mga kukuha nito kung kaya ito ay dapat na maging regular na gawain

sa loob ng silid-aralan at nararapat na maging makabuluhan sa pamamagitan ng kasanayan ng guro sa pagtuturo. Sa ginawang pagsasaliksik ni Zamora (2006), ang pagtataya ay dapat na magkaroon ng gabay sa mga magmomonitor(immediate supervisor) sa paraan ng pagtuturo ng mga guro kung kaya't dapat na nakaangkla sa ika-21 siglong kasanayan ng mga mag-aaral.

**MGA KASANAYAN NG GURO**

Ang guro ay isang pinakamahalagang tao na makakapagbigay ng pormal na kaalaman sa mga estudyante,sila ay nahubog mula sa kanilang pagpasok sa paaralan na kung saan sila ay pinuno ng kaalaman na naging baon nila sa kanilang nasabing propesyon.Subalit may mga salik na dapat ikonsidera upang magamit ng mga guro ang lahat ng kaalaman at kasanayan nila sa pagtuturo.Naroroon dapat ang kooperasyon ng lahat ng mga taong may kinalaman sa pagkatuto ng mga estudyante na sinaalang-alang ang pananaw, misyon at adhikain ng paaralan na malinaw na bubuo sa katauhan ng kanilang mag-aaral. Si Sule (2019) ay naniniwala na ang mga guro ng asignaturang Araling Panlipunan ay dapat na punong puno din ng kaalaman tungkol sa paghubog ng pagpapahalagang pangkatauhan ng mga estudyante sapagkat ito ay bubuo ng katatatagan sa katauhan ng isang mabuting mamamayan ng ating bansa. Ayon sa pag-aaral nina Izgar at Akturk (2018) batay sa mga guro na sumailalim sa pagsasanay bago ang kanilang akwal na pagtuturo (preservice training) ang pagkatuto ng mga estudyante ay nagmumula sa pamamagitan ng pagtuklas (exploring), pagtatanong,pagsusuri,pagtalakay,pagkompara,at pagbuo ng kongklusyon.Mas patuloy na mapapagaling ang kasanayan ng guro kung ang pagsasanay nila ay patuloy na gagawin sa regular na panahon (in-service training),ayon kay Ozturk (2019. )Upang magampanan ng mga tagapagturo ang hamon ng mga estudyante sa 21 siglong kasanayan,naniniwala sina Mitana,Muwagga at Ssempala (2018) na dapat ding pairalin ang iba't ibang pararan ng pagtataya (multiple assessment) tulad ng pag-oobserba,pangkatang gawain,pagsulat sa dyornal,pagbibigay marka sa kapawa mag-aaral at ganundin naman ang marking makukuha sa guro.Ang mga nabanggit na kaparaanan ay maaaring maisagawa ng mga guro sa loob ng silid-aralan bilang paghahanda sa batayang pagtataya na ibibigay ng Kagawaran ng Edukasyon at pagpapalakas ng mga kakayahang ng mga mag-aaral.Ayon kina Lobdell,Owens at Bower (2005) ang mga kasanayan na tulad ng pagkatuto sa pagtukoy ng mapa,pagtukoy ng mga mahahalagang konsepto,pagsusuri ng primary at sekondaryang dokumento,paggawa at pag-

aanalisa ng graph at timeline ay batayang kasanayan na dapat nalalaman ng mga mag-aaral sa intermedya (Baytang 4-6) hanggang sa hasykul.Kaya nararapat na ang mga tagapagturo ay marunong maghikayat ng mga mag-aaral kung paano sila maging aktibo sa pakikilahok sa talakayan,pagturo na nagmumula sa pagpapakita ng guro (modelling) dahil ito ay mas epektibo ,sanayin din silang gumawa ng dalawahan,dapat na maliwanag ang mga panuntunan sa mga ipagagawa at kailangan din ang pagbibigay ng resulta ng kanilang ginawa (feedback),at sikaping talakayin lamang ang mga mahahalagang konsepto na maaaring maiugnay sa kanilang pang-araw-araw na buhay at lipunang ginagalawan. Upang mahikayat ang mga mag-aaral sa aktibong pakikilahok,nararapat ding magamit ng lubusan ang mga teknolohiyang maaaring gamitin sa paaralan tulad ng smart board.Ayon kay Bicak (2019),ito ay talagang nakakatulong sa mga mag-aaral bagama't kinakailangan ng mga guro ng sapat na oras sa paghahanda sa paggamit nito.Sa mga nabanggit na gawain , ayon kay Sule (2019) kailangang ding pagtuunang pansin ng mga guro ang pagiging responsable ng mga mag-aaral upang maisagawa ang mga gawaing magpapalakas sa kanilang kasanayan.Ayon kay Childress (2019) na maaari rin namang ang pagpapalakas ng kasanayan ng mga guro ay paraang kolaborasyon ng mga gurong may kinalaman sa gagawing pananaliksik.Ang pagtuturo ng araling panlipunan ay maaaring mapabuti sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyong teksto ayon kay Sharp (2019) kung saan ang gagamiting mga pahayag ay talagang dapat pag-isipang ng guro upang ang mga ito ay nakapagbibigay kaalaman sa mga mag-aaral. Ang impormasyong teksto ay maaaring mapaloob sa malikhaing kaparaanan ng guro ayon kay Erdem at Adiguzel (2019).

**LAYUNIN NG PAGSASALIKSIK**

Ang layunin ng pagsasaliksik ay mapalakas at mapabuti ang kakayahang ng mga guro upang makamtan ng mag-aaral ang kanilang kabuuang pagkatuto.Ang pagsasaliksik na ito ay isang pagsisikap na matukoy kung anu-ano ba ang mga kailangan gawin upang mas maging epektibo pa ang isang guro na ibahagi ang kaniyang buong kakayanan sa mga estudyante na magdudulot ng pagbabagong kaunlaran sa ating lipunan. Sa pagtukoy ng mga kadahilan,inaasahan din na mabigyan ng solusyon kung anumang problemang kinaharap ng mga mag-aaral upang makamtan ang lubusang pagkatuto.

## METODOLOHIYA

### Desinyo

Ang pamaraan ng pag-aaral na ito ay deskriptibo sapagkat ang pangunahing layunin ay matukoy ang mga dapat na taglayin ng mga guro na  kasanayan upang mapabuti at mapalakas pa ang kasanayan ng mga mag-aaral.Kombinasyon na gagamitin dito ang kwantitatibo at kwalitatibong paraan. Kwantitatibo sapagkat bibigyan ng interpretasyon ang resulta ng GRACE at kwalitatibo naman dahil ang paraan ng balidasyon ng datos ay sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga guro at mag-aaral.

### Kalahok

Ang lahat ng mag-aaral mula baytang 1 hanggang 10 ay kasama sa gagawing pagsasaliksik gayundin ang mga gurong nagtuturo nito.

### Instrumento

Ang pagkuha ng datos ay magmumula sa resulta ng NAT (2014) at GRACE mula 2018-2019.Kasama din dito ang pakikipanayam,obserbasyon ng pagtuturo ng guro.

### Pagkalap ng Datos

Mula sa resulta ng GRACE ang mga guro ng departamento ng Araling Panlipunan ay magsasagawa ng gawaing tinatawag na Plan-Do-Check-Act (PDCA).Batay sa nakuhang resulta mula sa pampribadong pagtataya,lilimiin ng mga guro ang maaaring kinalaman nito sa kanilang pagtuturo.Magkakaroong ng pangkatang pagsusuri at isahang konsultasyon sa kanilang superbisor batay sa mga nakuhang impormasyon sa kanilang mga obserbasyon sa pagtuturo sa klase.Isasagawa ng guro ang napag-usapang mga dapat na gawin upang mapabuti ang resulta ng pag-aaral.Batay sa nakuhang pinakahuling resulta ng GRACE ,muli itong sususriin ng isahan at pangkatang paraan ng mga guro at magbibigay ng mga rekomendasyon kung paano ito maisasakatuparan.Bibigyan muli ng pagkakataon na maisagawa ng mga guro ang kanilang mga napag-usapan batay sa pagpupulong ng departamento.

### PAG-AANALISA NG DATOS

Ikokompara ang nakuhang datos sa 2018 at 2019 na resulta.Kukunin ang bahagdan nito at susuriin.Ang mga nakuhang impormasyon mula sa panayam sa guro at mag-aaral ay isusulat at ilalagay din sa talahanayan upang makapagbigay din ng impormasyon kung paano magagamit ang

datos sa pagtuturo ng guro.Matutukoy na ang ginagawang interbensyon mula sa resulta ng batayang pagtataya ay nakapagbigay ng positibong pagtaas bagama't may ilang baytang na nagkaroon ng pagbaba sa kadahilanang ang mga mag-aaral ay kabilang sa espesyal na klase na di gumagamit ng wikang Filipino (special class for non-Filipino speaking students).

**ETIKAL NA KONSIDERASYON**

Ang pag-aaral ay dapat na malinaw na naipaliwanag sa pamunuan ng paaralan.Ang mga estudyante na mapipiling makapanayam ay dapat na may permisong magmumula sa kanilang mga magulang.Ipapaalam din sa mga guro na ang kanilang tugon sa resulta ng GRACE ang pag-aaralan at ito ay makikita sa resulta ng susunod na pagtataya.

**KONGKLUSYON**

Ang batayang pagtataya na nagmula sa GRACE ay lubhang nakatulong upang magkaroon ng direksyon ang departamento ng Araling Panlipunan na bigyang pansin ang mga kasanayan na nagpapakita ng kahinaan sa mga mag-aaral.Napakaepektibo rin ang framework na Plan-Do-Check-Act upang pag-isipan ng mabuti kung paano matutulungan ang mga mag-aaral na maghawan ng balakid sa pagkatotoo.

**REKOMENDASYON**

Ang pagsasaliksik ay mas magiging epekto kung iisang batayang pagtataya ang bibigyan ng pag-aaral samakatuwid nararapat na may pre-assessment at post assessment na ibibigay ang GRACE upang sa loob ng taong pampaaralan magkaroon ng interbensyong pang-akademiko dahil parehong mag-aaral din ang kumuha nito.Ang pangunahing layunin na maitaas ang kasanayan ng mag-aaral sa resulta ng NAT ay di naisakatuparan sapagkat wala ng binibigay na resulta ang Kagawaran ng Edukasyon sa nasabing pagtataya.Ang pagbibigay ng indibidwal na instruksyon sa mga mag-aaral na may kahinaan sa pag-aaral ng asignatura ay nakagagamit ng panahon para sa mga guro kung kaya't sila ay dapat na mabigyan ng kabawasang oras sa kanilang tinatakdang panahon ng pagtuturo.

I. STANDARDIZED ASSESSMENT

A. 2014 National Achievement Test for Grade Six (Certificate of Rating)

| Subject Area | Raw Score | Percentage Score | Standard Score | Percentile Rank |
|---|---|---|---|---|
| FILIPINO | 24.5 | 61.25 | | |
| MATHEMATICS | 19.08 | 47.69 | | |
| ENGLISH | 23.67 | 59.18 | | |
| SCIENCE | 22.27 | 55.67 | | |
| HEKASI | 15.85 | 39.62 | | |
| TOTAL TEST | 105.37 | 52.68 | | |

B. GRACE ASSESSMENT

Comparative School Report of Colegio de Sta. Rosa – Makati

| Baitang | Taon | Kabuuang Kahusayan |
|---|---|---|
| Baitang 1 | 2017-2018 | 32% |
| | 2018-2019 | 50% |
| Baitang 2 | 2017-2018 | 43% |
| | 2018-2019 | 42% |
| Baitang 3 | 2017-2018 | 35% |
| | 2018-2019 | 35% |
| Baitang 4 | 2017-2018 | 49% |
| | 2018-2019 | 43% |
| Baitang 5 | 2017-2018 | 39% |
| | 2018-2019 | 37% |
| Baitang 6 | 2017-2018 | 48% |
| | 2018-2019 | 46% |
| Baitang 7 | 2017-2018 | 52% |
| | 2018-2019 | 56% |
| Baitang 8 | 2017-2018 | 46% |
| | 2018-2019 | 45% |
| Baitang 9 | 2017-2018 | 65% |
| | 2018-2019 | 69% |
| Baitang 10 | 2017-2018 | 56% |
| | 2018-2019 | 58% |

II. TEACHER MADE TEST

A.PERIODICAL EXAMINATIONS 2017-2018

| | First Qtr. | | Second Qtr. | | Third Qtr. | | Fourth Qtr. | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| GRADE/ YEAR LEVEL | PASSED | FAILED | PASSED | FAILED | PASSED | FAILED | PASSED | FAILED |
| Grade 1 42 students | 36(76.19%) | 6(23.81%) | 38(92.7%) | 3(7.3%) | 39(95%) | 2(5%) | 37(93%) | 3(7%) |
| Grade 2 73 students | 64(87.7%) | 9(12.3%) | 62(85%) | 11(15%) | 65(89%) | 8(11%) | 66(90%) | 7(10%) |
| Grade 3 65 students | 63(96.9%) | 2(3.1%) | 56(86.2%) | 9(13.8%) | 62(95%) | 3(5%) | 64(98%) | 1(2%) |
| Grade 4 62 students | 47(75.8%) | 15(24.2%) | 42(67.7%) | 20(32.3%) | 46(74%) | 16(26%) | 56(90%) | 8(10%) |
| Grade 5 57 students | 47(82.5%) | 10(17.5%) | 40(70.2%) | 17(29.8%) | 49(86%) | 8(14%) | 51(89%) | 6(11%) |
| Grade 6 56 students | 48(88.8%) | 8(11.2%) | 46(83.6%) | 9(16.4%) | 49(89%) | 6(11%) | 52(95%) | 3(5%) |
| Grade 7 66 students | 62(93.9%) | 4(6.1%) | 65(98.5%) | 1(1.5%) | 66(100%) | 0(%) | 66(100%) | 0(0%) |
| Grade 8 59 students | 51(86.4%) | 8(13.6%) | 48(81.4%) | 11(18.6%) | 48(85%) | 9(15%) | 54(96%) | 2(4%) |
| Grade 9 70 students | 68(97.14%) | 2(2.86%) | 53(91.4%) | 5(8.6%) | 54(93%) | 4(7%) | 48(83%) | 10(17%) |
| Grade 10 70 students | 67(94.36%) | 3(5.67%) | 56(91.8%) | 5(8.2%) | 60(98%) | 1(2%) | 58(95%) | 3(5%) |

B.PERIODICAL EXAMINATIONS 2018-2019

| | First Qtr. | | Second Qtr. | | Third Qtr. | | Fourth Qtr. | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| GRADE/ YEAR LEVEL | PASSED | FAILED | PASSED | FAILED | PASSED | FAILED | PASSED | FAILED |
| Grade 1 46 students | 46(100%) | 0 | 46(100%) | 0 | 44(96%) | 2(4%) | 42(95.5%) | 2(4.5 %) |
| Grade 2 37 students | 37(100%) | 0 | 36(97%) | 1(3%) | 36(97%) | 1(3%) | 36(97.3%) | 1(2.7%) |
| Grade 3 70 students | 67(94%) | 3(7%) | 58(82%) | 13(18%) | 65(92%) | 6(8%) | 68(95.8%) | 3(4.2%) |
| Grade 4 68 students | 46(68%) | 22(32%) | 49(72%) | 19(28%) | 56(82%) | 12(18%) | 53(77.9%) | 15(22.1%) |
| Grade 5 64 students | 60(94%) | 4(6%) | 44(69%) | 20(31%) | 55(87.3%) | 8(12.70%) | 57(89%) | 7(11%) |
| Grade 6 54 students | 45(70%) | 9(30%) | 40(77%) | 12(23%) | 37(69%) | 17(31%) | 45(83.3%) | 9(16.7%) |
| Grade 7 64 students | 62(97%) | 2(3%) | 62(97%) | 2(3%) | 57(89%) | 7(11%) | 64(100%) | 0(0%) |
| Grade 8 62 students | 48(77%) | 14(23%) | 52(83%) | 11917%) | 55(87%) | 8(13%) | 57(91.9%) | 5(8.1%) |
| Grade 9 54 students | 46(85%) | 8(15%) | 27(50.9%) | 26(49.1%) | 47(87%) | 7(13%) | 48(87.3%) | 7(12.7%) |
| Grade 10 57 students | 46(81%) | 11(19%) | 46(81%) | 11(19%) | 47(82%) | 10(18%) | 49(90.7%) | 8(9.3%) |

REFERENCES


Ali Riza ERDEM1, D. C. (2019). The Opinions of Primary School Teachers on their Creative Thinking Skills* . *Eurasian Journal of Educational Research* , 25-37.

Bicak, F. (2018). Investigation of the views of teachers towards the use of smart boards in the teaching and learning process. *Journal of Pedacogical Reasearch* , 15-23.

Block, C. R. (2019). Educator Affect: LGBTQ in Social Studies Curriculum . *Critical Questions in Education 10:1 Winter 2019* , 1-16.

Childress, G. (2019). From Where Two or More are Gathered: Understanding an Interdisciplinary Team . *Current issues in Middle Level Education* , 1-6.

Hareesol Khun-inkeeree, P. D. (January 2019 ). Effects of Teaching and Learning Supervision on Teachers Attitudes to Supervision at Secondary School in Kubang Pasu District, Kedah . *International Journal of Instruction* , 1335-1350.

KEVIN M. OLIVER, M. P. (2019). Teachers' First Experiences with Global Projects: Emerging Collaboration and Cultural Awareness. *Journal of Online Learning Research (2019) 5(1), 65-96* , 65-96.

Kimberlee A. Sharp, E. L. (2019). Revitalizing Elementary Social Studies Using Informational Texts . *Annual Conference of the Tennessee Council for the Social Studies* , 1-9.

National Council for the Social Studies. (2017). College,Career,and Civic Life (C3)Framework for Social Studies State Standards. *Social Studies Organization* , 3 pages.

Öztürk1, M. (2019). An Evaluation of an Innovative In-Service Teacher Training Model in Turkey. *International Journal of Higher Education* , 23-36.

Şule Firat Durdukoca1, *. (2019). Identifying the Attitudes and Views of Social Sciences Teachers toward Values Education in Turkey. *World Journal of Education* , 103-117.

Thondhlana, S. C. (2019). The use of Zimbabwe Open University's MyVista platform in e-communication, accessing and uploading learning materials, and assessing students' work . *African Educational Research Journal* , 1-13.